# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ___________________________ Antas/ Baitang: _____________ Puntos: ___________
Paaralan: ________________________ District / Cluster: ____________ Division: ______________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 4 Quarter: 3**

- Nakapagtatapos ng isang gawain o produkto na mayroong kalidad o kagalingan sa paggawa at wastong pamamahala sa oras.

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Natataya ang sariling kakayahan sa pamamahala sa oras batay sa pagsasagawa ng mga gawain na nasa kanyang iskedyul ng mga gawain;
2. Nakabubuo ng mga hakbang upang magkaroon ng kalidad o kagalingan sa paggawa ng isang gawain o produkto kasama na ang pamamahala sa oras na ginugol dito; at
3. Naipamamalas ang kakayahan sa pamamahala ng paggamit ng oras.

## Panimula

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1** *"Checklist" sa Pamamahala sa Paggamit ng Oras*

Panuto: Basahin ang bawat bilang. Lagyan ng X ang kaukulang kahon ng sagot mo.

| OO | HINDI | TANONG |
|---|---|---|
| | | Gumagawa ka ba ng sarili mong kalendaryo ng mga gawain? |
| | | May sinusunod ka bang lingguhang iskedyul? |
| | | May pagkakataon mahirap para sa iyo ang magsimulang mag-aral? |
| | | Nahuhuli ka ba sa pagpasok sa paaralan? |
| | | Mahirap ba sa iyo ang makagawa kaagad ng takdang-aralin? |
| | | Madali ka bang mawala sa konsentrasyon kapag ikaw ay nag-aaral? |
| | | Madali ka bang mabagot sa pag-aaral? |
| | | Mayroon ka bang partikular na lugar kung saan ka nag-aaral ng leksiyon? |
| | | Kasama ba sa iskedyul mo ang paglilibang at pagpapahinga? |
| | | Binibigyan mo ba ng gantimpala ang sarili mo sa tuwing matatapos ang isang gawain? |
| | | Mahirap ba para sa iyo ang makagawa ng proyekto? |
| | | Madali ka bang mabahala kapag may pagsusulit? |
| | | Mas inuuna mo ba ang mga payak na gawain bago ang mas mahirap? |
| | | Naglalaan ka ba ng oras ng pahinga kapag ikaw ay nag-aaral? |
| | | Mahalaga ba sa iyo ang paggamit ng oras? |

**Bilangin kung ilang Oo at Hindi ang sagot mo.**
May napagtanto ka ba sa mga naging sagot mo? Ibahagi sa iyong ka-dyad.

(Ang dyad ay pakikipag-usap o pagbabahagi ng ideya o saloobin. Ang ka-dyad ay kung kanino mo ibabahagi ang ideya o saloobin.)

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Panuto: Basahin ang maikling kwento na nasa kahon.

Minsan, may isang hari at isang tamad na lalaki na nagngangalang Haria. Mabuti silang magkaibigan. Isang umaga, tinanong ng hari ang kanyang kaibigan, "bakit hindi ka humanap ng trabaho upang ikaw ay kumita ng pera?"

Sumagot si Haria, "Wala kasing nagbibigay ng trabaho sa akin. Pinagsabi ng mga kaaway kong hindi daw ako marunong gumawa sa takdang oras."

Ang mabuting hari ay tumugon, "Maaari kang pumunta sa imbakan nang aking mga yaman at doon mamulot ka ng kayamanan hanggang sa paglubog ng araw."

Nagmadaling umuwi si Haria upang ibalita sa kanyang asawa ang utos ng hari. Inutusan siya ng asawa: "Sige pumunta ka na ngayon at kunin mo ang mga ginto at mga mamahaling bato".

Tumugon si Haria. "Huwag muna, pakainin mo muna ako ng tanghalian."

Matapos ang pananghalian ay nagpahinga pa ng isang oras si Haria. Sa bandang hapon na niya kinuha ang kanyang kagamitan at nagtungo sa palasyo.

Sa kanyang panlalakad, nakaramdam siya ng matinding init at nagpasyang maupo sa ilalim ng puno upang magpahinga. Makalipas ang dalawang oras, bumalikwas siya para ipagpatuloy ang paglalakbay ngunit nakakita siya ng isang lalaki na nagtatanghal ng mahika. Huminto siya upang manood. Nakaisang oras siya sa panonood.

Nang siya ay makarating sa palasyo ang araw ay palubog. Ang mga pintuan ng palasyo ay sarado na.

(hango sa http://www.english-for-students.com/Value-of-Time.html#chitika_close_button)

**Sagutin ang mga sumusunod na tanong:**

1. Ilarawan ang dalawang pangunahing tauhan sa maikling kuwento.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

2. Sa paanong paraan ginamit ng dalawa ang oras? Pinahalagahan ba nila ang takdang oras? Ipaliwanag ang sagot.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________


3. Anong aral ang maibabahagi mula sa maikling kuwento?


_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

Panuto: Isulat sa bawat ginto ang kahalagahan ng oras para sa iyo.






# Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4 "Time is gold."**

Panuto: Maaari mong bigyan ng patotoo ang kasabihan na ito sa pamamagitan ng pagtatala kung paano mo ginagamit ang oras. Tingnan natin kung talagang pinapahalagahan mo ang oras.

1. Gumawa ng isang pie graph na magtatala kung paano mo ginagamit ang 24 oras.
2. Gamitin ang sumusunod na kategorya.
   a. Trabahong-bahay
   b. Pagkain
   c. Pahinga/ Pagtulog
   d. Pag-eehersisyo
   e. Pansariling gawain (paliligo, pagbibihis, atbp.)
   f. Klase sa paaralan
   g. Pag-aaral
   h. Paglilibang/Pamamasyal
   i. Pagsimba/Pagsamba
   j. Oras pampamilya
   k. Iba pang gawain
3. Ipakita kung ilang porsiyento ang sinasakop ng bawat gawain.



**SAGUTAN ANG MGA TANONG:**

1. Anong kategorya sa mga gawain ang may malaking bahagi? Bakit?

________________________________________________________________________

2. Napamahalaan mo ba nang wasto ang iyong oras? Kung oo, ano ang iyong isinaalang-alang para mapamahalaan mo ang iyong oras? Magbigay ng tunay na karanasan.

________________________________________________________________________

3. Kung hindi ang sagot, ano ang naging balakid sa iyo para hindi mapamahalaan ang 24 oras? Magbigay ng makatwiran at matapat na paliwanag.

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

## Pakikipagpalihan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5** *Pagsubaybay sa IYONG ORAS*

Panuto: Gumawa ng talaarawang sumasaklaw sa isang linggo kung saan makikita kung paano mo ginugugol ang oras at lakas mo. Sundin ang panuto.

1. Itala ang lahat ng iyong gawain.
2. Isaalang-alang ang oras na gugugulin mo sa paaralan para sa pag-aaral mo.
3. Siguraduhing nagamit mo ang 24 oras sa iyong talaarawan.
4. Gamitin itong halimbawa bilang talaarawan mo

| TIME | MON | TUE | WED | THUR | FRI | SAT | SUN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5:30 AM | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |

## Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**

Panuto: Balikan ang naitala mo sa iyong isang linggong talaarawan. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Anong gawain o aktibidad mo ang kumakain ng pinakamaraming oras? Ipaliwanag kung bakit.

2. May pag-aaksaya ka ba ng oras ayon sa ginawa mong talaarawan?

3. Anong mga gawain ang pwede mong palitan ng kapaki-pakinabang para sa mas makabuluhang gawain?

4. Ano ang naramdaman mo sa bahaging ito ng gawain matapos mong masagutan ang bilang 1-3?

5. Sa paanong paraan mo mas lalong mapamamahalaan ang oras mo? Sa palagay mo, magiging kapaki-pakinabang ka kung ikaw ay matututong gumamit ng oras? Maging makatwiran sa pagpapaliwanag.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7**

Nakita at napagtanto mo na kung paano mo ginugugol ang oras/panahon mo sa loob ng isang araw at isang linggo. Marahil may kailangan ka pang ayusin sa pamamahala sa paggamit ng oras mo. Kaya heto muli ang gawain para maisabuhay mo ang napag-aralan mo sa modyul na ito.

**Magplano Agad-agad**

Panuto:

1. Magbuo ng plano na magbibigay sa iyo ng pagkakataon na magawa mo ang nararapat na gawain para ikaw ay mas maging kapakipakinabang.
2. Isulat ang layunin mo para sa susunod na isang linggo, sa kung ano ang ninanais mong makamit.
3. Maaari mong gamitin ang mga gawain o kategorya sa gawain sa pagganap.
4. Ang pormat na ginamit sa pagganap ang siya mo uling gamitin.

PANGALAN ________________________________ TAKDANG PANAHON ____________________

Mga Layunin ko:

| TIME | MON | TUE | WED | THUR | FRI | SAT | SUN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5:30 AM | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |

***Ang talaarawan na ginawa mo ay ipinapayong gawin linggo-linggo upang magkaroon ka ng kaayusan at prayoritasyon sa mga gawain. May kaukulang pagtataya ang nararapat mong gawin para malaman kung nagaganap ang mga layunin mo.***

## REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

**Link / References:**

Edukasyon sa Pagpapakatao 9 (pahina 216- 234)
https://www.slideshare.net/julianrikki/edukasyon-sa-pagpapakatao-grade-9-lm